

1

Mayor Salazar, pinarangalan ng Malacañang!

Si Mayor Raul Salazar, na apat na taon nang naninilbihan bilang punong-bayan ng Sto. Niño ay isa sa mga hinirang na Top 10 Mayors of Luzon na pinarangalan kahapon sa Malacañang. Si Presidente Fidel V. Ramos mismo ang siyang nagbigay sa kanila ng gayong parangal.

Matatandaan na si Mayor Raul Salazar mismo ang nag-expose ng balita tungkol sa illegal gambling na nangyayari sa lugar na kinasasakupan niya. Simula nang mabunyag ang balitang iyon, kaagad iyong binigyan ng solusyon ng pinagpipitagang mayor, kasama na ang iba pang opisyal ng pamahalaan.

Mula sa mga tagapangasiwa ng Bantay Balita, Congratulations, Mayor!

- reported by Divina Mendiola

“Good report, Divine,” puri ng editor ng Bantay Balita tabloid na si Mr. Conrado Roman na mas kilala sa tawag na Mang Ado. Kausap nito ang kanilang ace

reporter na si Divina Mendiola.

“Thank you, Sir. Alam n’yo namang basta kay Mayor Salazar, master ko,” nakangiting sagot ng dalaga.

Nakangiti si Mang Ado habang sumasandal sa swivel chair. “Hay naku, Divine,” naiiling na simula nito. “Alam ko na iyang nasa isip mo. Kung akala mo’y mapapansin ka ni Mayor, mabuti pang kalimutan mo na ’yang pangarap mo. Marami ka pang susulating balita sa diyaryo bago ka mapansin n’on.”

Twenty-three lang kasi si Divine at dalawang taon pa nga lamang siyang sumusulat sa *Bantay Balita*. Magaling kasi ang dalaga. Sa simula pa lamang ay nakagawa na siya ng paraan upang makapasok bilang reporter sa naturang tabloid. Sinabi niya sa sarili, pagka-graduate sa kolehiyo ay hindi niya gagamitin ang kakayahan sa pagsulat at diploma sa Journalism kung hindi rin lamang sa *Bantay Balita* siya magsusulat. Iyon ay dahil nangunguna ang naturang babasahin sa mga tabloid sa buong bansa.

Kaya pagka-graduate ni Divine ay kaagad siyang nagpunta sa office ng *Bantay Balita* upang makipag-usap kay Mr. Conrado Roman.

Natatawa pa rin siya kapag naaalala ang paraan

kung paano siya napasok sa pagsulat doon.

Ibang-iba pa ang ayos niya noon. Mahaba pa ang kanyang buhok na inipitan lang niya. Nagmamadali kasi siya at ayaw niyang ma-late sa appointment niya kay Mr. Roman. Medyo chubby pa siya noon kaya lalong lumitaw ang kanyang kaputian.

Nang araw na iyon, pakiwari niya ay handang-handa na siyang tuparin ang kanyang mga sariwang pangarap sa buhay.

Ngunit halos ay naguho ang mundo ni Divine nang matapos siyang ma-interview at i-review ni Mang Ado ang materyales na ipinasa niya ay hindi nito iyon nagustuhan.

“Pasensya ka na, Hija. Hindi maganda ang materyales mo. Sa iba ka na lang tabloid mag-apply at baka sakaling matanggap ka pa. Sorry ulit.”

Magpapaliwanag pa sana siya sa editor ngunit hindi pa nga siya nakakasambit ng isang salita ay ibinaling na kaagad ni Mang Ado ang pansin sa iba.

Sinundan niya ng tingin ang tinititigan nito. Noon ay may nakasilip na lalaki sa glass door ng opisina ng editor. Matangkad ang lalaki at obvious na nagpapapansin ito para makuha ang atensyon ni Mang Ado.

Sinenyasan ito ng editor na pumasok sa private office nito.

“Good afternoon, Sir,” bati ng kapapasok lamang na binata. Tumingin ito sa kanya at binigyan pa siya ng isang matamis na ngiti.

“O, Jonathan,” pansin ng editor dito. “Maganda’yung pagkuha mo ng mga litrato doon sa hold-up kahapon sa bangko. Kitang-kita at malinaw. Puwede mo nang i-submit kay Angie.”

Ang kinausap ni Mang Ado ay ang official photographer ng *Bantay Balita*.

Hold-up? Naalala ni Divine na nang nakaraang araw nga pala habang kumakain siya ng almusal ay humanga siya sa mga litrato na nakalarawan sa front page ng binabasang tabloid. Naisip niya na kung sinuman ang kumuha ng larawan na iyon ay tiyak na inilagay ang buhay sa panganib sa proseso ng pagkuha ng litrato.

“Mapeli-peligro pa nga ang buhay ko kahapon, Sir,” narinig niyang sagot ng binata. “Akala ko’y katapusan ko na. Buti na lang wala namang nangyari sa akin. Ito pa, Bossing, ang iba pang pictures na kinuha ko.” Inabot ng photographer ang ilan pang mga larawan sa kausap.

“O, tungkol naman saan ito?”

“Rice shortage, Mang Ado. Tingnan n’yo itong isang ito.” Kinuha ni Jonathan ang isang picture at ipinakita sa editor. “Si Aling Huling ’yang may hawak ng mangkok. Alam n’yo ba’ng sabi niya sa akin? Isang linggo na raw silang walang makaing bigas, sila ng limang anak niya. Kaya iyan, kinuha iyong isang mangkok sa bahay nila na walang laman. Ibig nga lamang nilang mamalimos ng bigas. Sa hirap ng buhay nila’y wala silang maipambili niyon. Nahohoard kasi lahat ng rice dealers. Kaya iyan, apektado talaga ang mahihirap.”

“Magandang larawan ito, ah. Dramatic ang dating. Puwede itong makakuha ng atensyon ng mga mambabasa. Teka, patingin pa nga ng iba.”

Habang tinitingnan ni Mang Ado ang ilan pang mga larawan ay sumulyap si Jonathan sa kinauupuan ni Divine. At muli siya nitong nginitian.

Sa halip na matuwa ay na-offend ang dalaga sa ginawa ng photographer. *Ang presko naman nito!* Iyon ang naisip niya.

“Maganda lahat. Actually, lahat naman ay puwedeng pang-front page. Ipasa mo na lang kay Angie. Bahala na siyang pumili.” Ibinalik muli ni

Mang Ado ang mga tiningnang larawan sa kausap.

“O sige, Sir. Papasa ko lang ito kay Angie.”

Bago umalis ang binata ay isa pang ngiti ang itinapon nito sa direksyon niya.

Matagal nang nagbabasa ng *Bantay Balita* si Divine. At palagi niyang napapansin na talaga namang nakakatawag-pansin ang mga larawan ng tabloid. At palagi rin niyang nababasa ang pangalang Jonathan Domingo na katabi ng bawat larawan. *Siguro ay iyon na nga ang photographer nila*, naisip niya.

Napukaw ang pag-iisip niya nang muling lumingon sa kanya si Mang Ado.

“O sige, Hija. Marami pa akong gagawin. Sana’y matanggap ka na nga lamang sa ibang pahayagan,” pagtatapos nito sa pag-uusap nila.

Nalungkot siya. Unang-unang kasi ang *Bantay Balita* sa listahan ng mga pahayagang nais niyang pagsulatan. Iyon kasi ang tabloid na naging kakambal niya sa paglaki. Matagal na niyang naitanim sa kanyang murang isipan na hindi magtatagal, ang pangalan naman niya ang mababasa roon ng milyun-milyong tagapag-tangkilik ng pahayagan.

Habang pababa sa hagdanan ay nag-isip-isip si

Divine.

Kung binigyan lamang siya ni Mang Ado ng pagkakataon na maipaliwanag ang tungkol sa kanyang materyal na ipinasa, maaaring makinig ito sa kanya. Baka nga na-convince pa niya ito at ma-hire din siya bilang reporter. Bakit nga ba hindi niya naipaliwanag ang side niya kay Mang Ado?

Ahh, alam ko na! sabi niya sa sarili habang kumukunot ang noo at napapailing. *Dahil sa Jonathan na 'yon!* Nakikita naman kasi ng photographer na kinakausap siya ng editor ay kung bakit nagpapansin pa ito kay Mang Ado. Iyon tuloy, dito na naibaling ang atensyon ng matanda.

Hmph! Sayang! Pogi pa man din siya; ang pangit lang ng timing. Iyan tuloy, hindi ako natanggap.

Napansin niyang makisig, maputi at matangkad ang photographer. Sa unang tingin lang niya rito ay naisip niyang mas bagay na maging modelo si Jonathan at hindi isang photographer lamang. Natatandaan pa niya na ang kinis ng mukha nito; walang ka-pimple-pimple. Ang sarap nga sanang kurutin. Naglalaro pa ang animo ay kaunting bangs nito sa makinis na mukha. At nang ngumiti ito sa kanya.... *Haay!* buntunghininga niya. Ang puputi ng mga ngipin nito.

Pero dahil sa nangyari, kahit na gaano pa kaguwapo ang binata ay inis na siya rito.

Napabuntunghininga na lamang siya.

Nag-aabang ng masasakyan si Divine nang may tumapik sa kanyang kaliwang balikat.

“Excuse me, Miss.”

Lumingon siya. Magkahalong gulat at inis ang nadama niya nang makita si Jonathan. “Ikaw na naman?” pagtataray niya, lumabas na ang natural.

“Bakit galit ka? Ano ba’ng ginawa ko sa ’yo?” takang tanong nito.

“Dahil sa iyo, hindi tuloy ako nakapagpaliwanag nang husto kay Mr. Roman tungkol doon sa ipinasa kong material sa kanya. Iyan tuloy, hindi ako natanggap,” inis niyang tugon habang pinipigilan ang pagbagsak ng mga luha. Nakakahiya sa binata kung sa harap pa nito siya iiyak.

Isa pa, ang gusto niyang iharap dito ay isang babaeng tough, matapang at hindi iyakin.

“Aba, Miss, huwag kang magbibintang. Kasalangan mortal ’yang ginagawa mo,” tukso nito. “Basta

ako, wala akong ginagawa.”

“Anong wala? Nakita mo nang kausap ako ni Mr. Roman, lumapit-lapit ka pa! Sa iyo tuloy naibaling ang atensyon niya.”

“For your information, si Mang Ado ang tumawag sa akin. Hindi naman ako papasok sa office niya kung hindi niya ako tinawag.”

“Pero sinadya mong magpakita sa kanya para tawagin ka niya. Huwag kang magmamaang-maangan. Kitang-kita kita. Pa-cute ka pa kanina. Tingin ka nang tingin doon sa pintuan ni Mr. Roman para lang mapansin ka,” galit niyang sabi.

Napakamot ito ng ulo. “Ma’no ngang huwag mo sa aking isisisi iyang kapalpakang nangyari sa iyo. Kung hindi ka man tinanggap, ikaw ang may kasalanan, hindi ako. Siguro’y palpak ang report mo.”

Nakikita ni Jonathan na namumula na sa pikon ang kausap kaya lalo itong nang-inis.

Nadagdagan na naman ang galit sa dibdib ni Divine. “Hoy, lalaking-kung-magsalita-akala-mo-guwapo-mukha-namang-inahitang-poste, for your information din, maganda ang material ko!” nag-iinit ang mukha niyang tugon.

“Tungkol naman saan iyang material mo, aber?” paghahamon nito.

Huminga muna siya nang malalim at saka nagpa-maywang bago ito sinagot. “Tungkol sa babaeng buntis na nadulas kahapon malapit sa open manhole. Muntik na nga siyang malaglag doon, eh. Buti na lang at na-regain niya ang balance niya,” nagmamalaki niyang sagot.

Sa halip na magsalita ay humagalpak ng tawa ang kausap.

“Hooy! Huwag kang tatawa-tawa diyan!” Lalong uminit ang ulo niya sa reaksyon nito. “Akala nito kung sino siya,” bubulung-bulong niyang sabi. “Baka hindi mo alam, ako mismo ang nakakita noon. At kahapon lang po iyon nangyari, ano! Kaya fresh pa ang material ko.”

Pulang-pula na sa galit ang dalaga pero patuloy pa rin sa pagtawa si Jonathan.

“Ano ka ba? Nang-iinsulto ka, ah! Hindi ka ba titigil sa katatawa mo?”

Nang makahinga ito nang malalim ay saka pa lamang ito nagsalita. “Ang yabang-yabang nitong magsalita. Akala ko naman, napakaganda ng report mo. Alam mo, Miss, que kahapon, que ngayon o kahit

bukas pa iyan mangyayari, hindi talaga matatanggap iyan. Kahit naman ako ang editor, hindi ko rin naman matatanggap iyan. Walang kasing-pangit!”

Saglit na pumikit si Divine para pababain ang pagkapikon. “Hoy, Lalaki! Baka akala mo’y nakikipag-lokohan ako sa iyo, ha? Hindi porke’t photographer ka ng *Bantay Balita*—” Napahinto siya sa pagsasalita nang marinig ang sunud-sunod na putok ng machine gun sa di-kalayuan. Kapwa sila napaligon ng kausap sa direksyon na pinanggalingan ng ingay.

“Teka lang,” kaagad na paalam ni Jonathan at saka na nagtatatakbo palayo sa kanya.

“Aba’t—” Naiwang mag-isa si Divine. Walang anu-ano ay nagtatatakbo na rin siya para sundan ang binata. “Hoy, teka...! Huwag mo akong iiwan! Sasama ako sa iyo!”

Hingal-kabayo pa siya nang makarating sa dako ng pinanggalingan ng ingay. Napansin nilang duguan ang security guard ng *Plaridel National Bank*. May armadong kalalakihan ang pumasok sa bangko upang mang-hold-up.

Walang tint ang salamin ng naturang bangko kundi blinds lamang na nakabukas pa. Kaya kitang-kita ng mga tao ang nangyayaring hostage drama.

Ang ilang mga tao ay tumawag na ng pulis sa kalapit na police station.

Ngunit iba ang ginawa ni Jonathan.

Wala itong sinayang na oras. Kaagad itong gumawa ng paraan upang kumuha ng mga larawan. Nagtago ito sa likod ng isang puno. Inayos nito ang lens ng camera na nakasabit sa leeg upang makita nang malapitan ang mga kaganapan sa loob ng bangko.

Lihim na humanga si Divine sa ipinakita nitong pagkalisto at pagkaalerto. *Kahit pala yayabang-yabang ito, talaga naman palang may binatang, sa loob-loob niya.*

Sumunod siya rito, kahit hindi niya alam kung bakit. Naisip niyang marahil ay dahil first time pa lamang niyang makasaksi ng ganoong kahindik-hindik na aksidente.

“May lapis ka ba?” biglang tanong sa kanya ni Jonathan habang nilalagyan muli ng film ang camera nito.

“A-ano?” manghang tanong niya.

“Sabi ko, may lapis ka ba?”

“O-oo. B-ba—”

“May papel ka?”

“O-oo.” Lalo siyang nalito. Gusto sana niyang itanong dito, *Ano ba’ng pakialam mo sa lapis at papel ko? At ano’ng kinalaman noon sa nangyari ngayon?* Pero wala na siyang pagkakataon na magtanong pa.

“Ano pa’ng hinihintay mo? Dali! Isulat mo na itong nangyayari,” utos nito. “Mamaya’y dadami na ang reporters at mauunahan ka pa sa istorya.”

“Ano? Paano? Eh, di ba—” Paano siya magreport gayong hindi nga siya natanggap ni Mr. Roman?

“Bilisan mo’t mag-interview ka na ng mga tao. Iiwan kita dito, sige ka. Nakita mo iyong lalaking nakasando? Kanina pa nandoon iyon. Sige, lapitan mo. Siguradong saksi siya sa mga pangyayari.”

“O-oo.” Kaagad niyang kinuha ang lapis at papel, pati ang kanyang recorder.

Nilakasan niya ang loob at nagsimulang mag-interview ng mga taong nakakita ng simula ng hold-up at pangho-hostage.

Mayamaya lamang ay dumating na ang mga pulis, kasama ang Special Task Force—mga armadong pulis na sharpshooters.

Nakamasid sina Jonathan at Divine habang pinapalibutan ng mga alagad ng batas ang bangko.

“Hindi kami susuko!” sigaw ng leader ng mga magnanakaw.

Binigyan pa sila ng ilang minuto ng mga pulis upang sumuko. Pero nanatiling matigas ang kalaban. Kaya napilitang magpapatok ang mga pulis. Natamaan ang pinuno ng mga magnanakaw kaya napilitang sumuko ng ilang mga kasama nito.

Pagkalabas na paglabas ng bangko, dinakip kaagad ng mga pulis ang masasamang-loob. Kaagad na in-interview ni Divine ang bank tellers at branch manager ng bangko na nanginginig pa sa takot at nerbiyos.

Tulad ni Jonathan, wala siyang sinayang na oras sa pag-i-interview.

Mga ilang minuto pa ay sabay na sila ng binata na lumalakad papunta sa opisina ng *Bantay Balita*.

“Kathy, pahiram ng typewriter sandali, ha?” bungad ng photographer sa isa sa reporters ng tabloid nila. Pagkatapos ay kaagad siyang pinaupo ng binata sa puwestong iniwan ng kaopisina nito.

Kaagad namang nakagawa ng report si Divine

tungkol sa insidente. Iyon na ang pinakamabilis niyang naisulat at pinakamagandang report na nagawa niya. Excited kasi siya.

“O, ’ayan, tapos na.” Iniabot niya ang report sa binata.

Pinasadahan nito ng tingin ang sinulat niya. Sa dulo ng bond paper ay nahagip ng mga mata nito ang kanyang pangalan.

“Divina Mendiola,” bigkas nito. “Hmm, Divina pala ang pangalan mo.” In-extend nito ang kamay sa kanya. “Hello, Divina. I’m Jonathan Domingo, Bantay Balita’s official photographer. ’Nice meeting you.”

Natawa siya sa sinabi nito. Ang tagal na nga naman nilang nag-uusap pero noon lamang sila nagkaroon ng pagkakataon na magpakilala sa isa’t isa.

“Nice meeting you, Jonathan. Tawagin mo na lang akong ‘Divine.’” Sa kauna-unahang pagkakataon ay ngumiti siya rito nang ubod-tamis. Ngiti iyon ng pasasalamat.

Ang report ni Divine tungkol sa bank robbery ang naging daan upang mapasok siya sa Bantay Balita

bilang reporter. Simula noon, pinag-igihan na niya ang pagkalap at pagkuha ng mga balita.

Simula rin nang araw na iyon ay naging magkaibigan na sila ni Jonathan. Halos sa lahat ng lakaran ay magkasama sila. Sa bawat assignment na matatanggap nila ay sila ang pinagtatambal ni Mang Ado.

Ang kanilang tampuhan at girian ay naging bahagi na ng masaya nilang pagsasama.

Marami siyang natutunan sa photographer. Sa mga panahong nanghihina ang kanyang loob, ito ang nasa tabi niya upang bigyan siya ng panibagong sigla.

Si Jonathan din ang nagturo sa kanya ng katatagan ng loob mula pa nang pasimula.

“Sa trabahong ito, dapat handa mong sikmurain ang lahat. Hindi puwede ang babagal-bagal o ang tatamad-tamad kumilos dito. Dapat laging listo. Dapat laging handa. Dapat walang takot.”

Iyon ang mga una nitong pangaral sa kanya, na patuloy pa rin niyang pinahahalagahan hanggang sa maging ace reporter siya ng *Bantay Balita* pagkaraan lamang ng dalawang taong pagre-report para sa tabloid.

2

Naniniwala si Mang Ado na masikap at may mataas na ambisyon si Divine. At ang ambisyon nito ay sinusupportahan nito ng sipag, tiyaga at gawa. Iyon ang dahilan kaya mabilis ang naging pag-angat nito sa kanilang tabloid.

Ngunit sa sandaling iyon, habang kausap niya ang dalaga tungkol sa report nito tungkol kay Mayor Raul Salazar, alam niyang iba na naman ang ambisyon ni Divine sa buhay nito.

Matagal nang naikukuwento ng dalaga na malaki ang paghanga nito kay Mayor Salazar. Guwapo kasi talaga ang twenty-eight-year-old na mayor. Mestizo pa ito at higit sa lahat, matalino.

Hindi lang naman si Divine ang nahuhulog ang loob sa mestizong mayor. Halos lahat ng mga reporter na babae, hindi lang ng tabloid nila kundi maging ng ibang pahayagan ay humahanga rin dito.

Marami na ang pagbabagong nangyari kay Divine sa loob ng dalawang taon. Wala na ang medyo chubby at maputing dalaga na pumasok noon sa office ni Mang Ado. Wala na ang mahabang buhok nito na

iniipitan lang nito noon. Maiksi na ang buhok ng dalaga at hindi na rin ito chubby. Medyo nagka-tan na rin ito dahil sa kalalabas sa pagkakalap ng mga balita. Pero marami ang nagsasabi na mas gumanda ang dalaga sa kasalukuyan nitong ayos.

Ngayon nga ay nag-aalala si Mang Ado dahil mukhang nagkakagusto ang reporter niya sa pinagpipitagang punong-bayan.

“Si Mang Ado talaga. Wala ba kayong tiwala sa akin?” pukaw ni Divine sa lumilipad na isip ng editor. “Kailan ba naman ako nangarap na hindi ko natupad? Basta, hindi maglalaon, mapapansin din ako ni Mayor.”

Tumawa nang malakas ang matanda. “O, siya, sige na. Mangarap ka kung gusto mo. Pero bago ka managinip nang gising, heto’t may bago akong assignment para sa iyo. Punta ka sa Porac. Balita doon ang teribleng lahar. I want you to cover the story.”

“Okay. Pero sino ang makakasama ko?”

“Tinatanong pa ba iyon? Hala, lakad na! May van na kayong gagamitin. Go, go, go!”

“Hindi ka pa ba tapos diyan?”

Nagawa na ni Divine ang report niya tungkol sa pagdagsa ng lahar sa Porac. Hinihintay na lang niya si Jonathan.

Totoo ang sinabi ni Mang Ado. Tunay ngang kahindik-hindik ang sitwasyon sa Porac, Pampanga. Siya mismo, kasama si Jonathan at ang ilang staff ng *Bantay Balita*, ang nakasaksi sa panganib sa bayang iyon. Natanawan nilang luhaan ang mga tao, lalung-lalo na ang mga ina nang mawalan sila ng tahanan at matabunan iyon ng tumataas na lahar.

“Bilisan mo naman diyan. Ikaw na lang ang hinihintay, eh,” may pagkainip na sa boses na kulit niya sa binata.

“Sandali na lang ito. Isang shot na lang,” sagot nito habang nakatingin pa rin sa lens ng camera.

Napangiwi siya. “Dali na! Ikaw na lang ang hinihintay ng van.”

Nagmamadali si Divine dahil nakapangako siya sa ina na sa bahay nila siya kakain ng hapunan. Kung magtatagal pa sila sa Pampanga, tiyak na late na naman siyang makakauwi at mag-aalala ang kanyang ina.

“Oo. Sige, sumakay ka na sa van,” sagot ni Jonathan. “Hahabol na lang ako.”

Kabisado na niya ito. Hanggang may film pa sa loob ng camera ay hindi ito hihinto sa pagkuha ng mga larawan. Ganoon ito ka-dedicated sa trabaho. Kaya naman maraming beses na rin itong nakakatanggap ng awards at recognitions dahil sa mga larawan na kinukuha nito.

Tatalikod na sana siya at tutungo sa van nang makita niya itong nadulas patungo sa bangin nang bumigay ang lupang kinatatayuan nito. Alam niyang ang nasa baba niyon ay ang malakas na agos ng lahar.

“Jonathan!” Nagtatatakbo siya nang mabilis sa kinaroroonan nito.

Nang makarating siya sa dakong kinahulugan nito ay nakita niya itong nakakapit nang mahigpit sa isang nakausling malaking bato. Ngunit alam niyang hindi maglalaon at bibigay rin ang batong nagsagip ng buhay nito.

“A-ano’ng nangyari sa iyo?” Sa katarantahan ay iyon ang una niyang naitanong.

Nakaramdam ng pagkainis ang binata. “Ano ba naman iyang tanong mo? Nakita mo nang namemeligro na ang buhay ko, itatanong mo pa iyan? Dali! Tulungan mo ako! Mabibitiw na ako dito.”

“T-teka....” Ikinapit muna niya ang paa sa isang

puno. Nang makitang nasa tamang posisyon na siya ay saka niya iniabot ang dalawang kamay sa kasama. “Dali! Akin na ’yang camera mo!”

“Ano’ng sabi mo?” pikon na reaksyon nito. “Ako muna ang hilahin mo bago ang camera ko! Pambihira ka naman. Nakikita mo nang nanganganib na ang buhay ko, uunahin mo pang sagipin ang camera ko. Mamaya na’t nakasabit naman sa akin. Ako muna ang hilahin mo. Ako, may buhay; ang camera ko, wala! Ano ka ba naman? Nananadya ka yata, eh.”

Nagsimula na ring mag-init ang ulo niya habang hinihila ang kamay nito. “Kung hindi ka ba naman kasi isa’t kalahating tanga, sukat tinatawag ka na kanina para—” Pinagpapawisan na siya sa paghila. “—Uhhh! Ang bigat mo naman! Kanina ka pa kasi tinatawag, pa-hero effect ka pa,” reklamo niya. “Araay! Ang bigat mo....”

“Huwag ka nang manisi,” sita nito. “Nandito na ako. At saka puwede ba, huwag ka munang magsalita? Kaya ka hinihinal dahil sa kadadaldal mo. Hilahin mo muna ako at nang madali na tayo.”

Nag-concentrate muna siya sa paghila. Mayamaya lamang ay nahila na niya itong papaakyat.

Gayunpaman ay patuloy pa rin ang paghinal

ng dalawa.

“Thank you, Divine,” pagkuwa’y sabi nito. “I owe you one.”

Napatawa siya. “Hindi lang one, ano! Maraming beses din naman akong sumaklolo sa iyo kapag nanganganib ang buhay mo, ah!”

Kinalabit nito ang baba niya. “Nagsalita ito. Samantalang siya naman ang mas accident-prone kaysa sa akin. O, huwag mong sabihing hindi.”

Tumawa siya. Alam niyang totoo ang sinabi nito. “Sige na nga. But for now, *you* owe me one. At kapag inulit mo pa iyang nangyari sa iyo, hindi na ako sasaklolo sa iyo.”

Napangiti ito. “Thank you ulit.”

“Don’t mention it.” Bagaman hinihinal pa, pinilit na niyang tumayo. “Tara nang umuwi!”

Matapos ang trabaho nila sa Porac ay ipinasya ng buong crew na dumeretso muna sa opisina para maipasa na ang photographs at ibang materials na nakalap nila. Hindi naman naapektuhan ang camera ni Jonathan nang nang mahulog ang binata sa bangin.

Isa sa mga pinagtatakhan ni Divine ay kung bakit sa dami ng reporters sa *Bantay Balita* ay sa kanya lang talaga naging close si Jonathan. Marami ang nagsasabi na suplado raw ang guwapong photographer. At bagaman marami ang lihim na nagkakagusto rito ay naiinis sila dahil nga sa hindi ito palabati.

Palagi niyang ipinakikipagtalo sa mga kasamahan na hindi naman suplado si Jonathan. Bakit nga ba sa kanya? Hindi naman siya pinagsusupladuhan nito.

“Eh, paano nga, halata namang may gusto sa iyo.” Iyon ang lagi niyang naririnig na sagot ng mga katrabaho.

Ang totoo, kung minsan ay pinagdududahan niya ang kabaitan sa kanya ng binata. Natatandaan tuloy niya ang isang insidente na nagpakita ito ng concern sa kanya.

Inabot sila ng malakas na bagyo noong mag-cover sila ng story tungkol sa baha sa isang slum area sa Kalookan. Ibinigay nito ang jacket sa kanya kahit ito man ay nauulanan din. Nagkatrangkaso pa nga siya noon. Ito man ay nagkasakit. Ngunit panay pa rin ang dalaw nito sa kanya. Hindi nito nakakalimutang magdala ng mga prutas, lalo na ang hinog na mangga, na siyang paborito niya.

Naroon din ang isang karanasan nila nang minsang magpunta sila ng crew ng Bantay Balita sa isang bundok sa Quezon upang mag-cover ng story tungkol sa buhay-tulisan. Naglalakad sila noon nang walang anu-ano ay itinulak siya ni Jonathan patungo sa isang ligtas na dako nang mapansin nitong tutukain na pala siya ng ahas.

Marami pang iba't ibang pangyayari na naganap sa buhay nila na kung minsan ay nagtutulak sa kanya para isipin na tunay ngang may pagtingin sa kanya ang photographer. Subalit kahit minsan ay hindi nagiging konkreto sa kanya ang ganitong haka-haka.

Paano ito magkakagusto sa kanya gayong palagi rin naman silang nagtatalo? Kahit sila lagi ang magkasama, hindi nabubuo ang araw nila kapag hindi sila naggigirian. At ang taasan ng boses nila ang nagsisilbing hudyat sa kanilang opisina na sila na nga ay maluwalhati nang nakauwi mula sa isang assignment.

Paano siya makukumbinsi na may gusto sa kanya si Jonathan gayong palagi silang nagtatarayan? Kung minsan nga ang pakiwari niya ay parang hindi siya babae kung tratuhin nito, parang one of the boys lang.

Hindi katulad ni Mayor Raul Salazar na napaka-gentleman makipag-usap, naisaisip ni Divine.

Tapos nang maipasa nina Divine at Jonathan ang kanilang reports at photographs na kinuha sa Porac. Bagaman hindi na nakangiti ang dalawa dahil sa pagod na inabot at sa nerbiyos din na nadama nang muntik nang mapahamak ang binata, bakas pa rin sa kanila ang kaligayahan dahil sa magandang trabahong nagawa.

“Anong oras na ba?” tanong ng dalaga.

“Mag-a-alas-nueve na.”

“Naku! Tiyak, galit na naman si Nanay. Nakapangako kasi ako sa kanya na sabay kaming maghahapunan ngayon, eh. Nagtatampo na kasi siya,” kuwento niya. “Palagi na lang daw akong wala sa bahay kaya bihira na lang kaming magsalo sa pagkain. Nakakaawa naman. Mag-isa na lang kasi siya palagi, eh.”

Nag-iisang anak lang si Divine. At mula nang mamatay ang kanyang ama nang sanggol pa lamang siya ay hindi na muling nag-asawa si Nanay Adelfa.

“Kung uuwi ka sa inyo, sasama ako,” biglang baling sa kanya ni Jonathan.

“At ano naman ang gagawin mo sa bahay, aber?”

Huwag na't maantala ka pa. Bukas dapat maaga tayo sa opisina." Malayo rin kasi ang inuuwian nito.

"Sige na, sama na ako. Nami-miss ko na ang luto ng nanay mo," sabi nito habang nakangiti.

"Hmph, kaya pala sasama! Akala ko pa naman, concerned talaga sa akin kaya ihahatid ako. Iyon pala, makikikain ka lang sa bahay," bubulung-bulong niyang sabi. "May ulterior motive ka pala," sabi niya rito. "Tara na nga't makakain na. Gutom na ako, eh."

3

Kinabukasan, maagang pumasok sa opisina si Divine. Laking gulat na lamang niya nang makitang may isang bungkos ng white roses na nakapatong sa kanyang table.

Ang gaganda! Kinuha niya ang white roses, na paborito niya sa lahat ng bulaklak at saka inilapit ang mga iyon sa ilong upang amuyin. Hmm, ang bango!

Nakangiti siya nang umupo. Napansin niya ang note na nakaipit sa flowers. Binasa niya iyon.

You may not know who I am but someday you will. Since the first time I saw you, you were always on my mind. I hope that someday you will love me, too.

'Nay! Sino ito? tanong niya sa isip. Sino kaya ang secret admirer niya?

“Uyy, ang gaganda naman niyang mga bulaklak mo. Kanino galing?” tanong ni Kathy nang dumaan ito sa puwesto niya at napansin ang white roses.

“Ewan ko nga, eh. Pagdating ko, nandito na ito,” sagot niya. “Kanina ka pa ba?”

“Kararating ko din lang. Kaya huwag mo akong tanungin tungkol diyan.” Inilagay nito ang mga gamit sa katabing table at saka nagpatuloy sa pagsasalita. “Baka naman galing ’yan sa best friend mo *doon*,” kanyaw nito, sabay turo sa mesa ni Jonathan.

Hindi siya nakapagsalita. Naisip niya, matapos niyang sagipin ang buhay ng binata ay para ngang naging kakaiba ang kilos nito. Parang lalo itong naging sweet sa kanya, lalo na nang kumakain sila ng hapunan sa kanilang bahay.

“Si Jonathan ba, napansin mo?” tanong niya.

“Di ba sabi ko, kararating ko lang? Kaya hindi ko alam kung nandito na siya. Tingnan mo sa table niya,” suhestyon nito. “Kung nandoon na ang mga gamit niya, tiyak iyon, nandito na siya. At hindi malayong siya na nga ang secret admirer mo.”

Nakangiting tinalikuran na siya ni Kathy.

Tumayo nga siya at tinungo ang mesa ni Jonathan. Kung nandoon na ang bag ng binata, hindi niya ito tatantanan sa pagtanong tungkol sa white roses. Para sa kanya ay madali lang itong komprontahin, tatal ay close naman sila.

Subalit ganoon na lamang ang pagkadismaya niya nang makitang walang kagamit-gamit ang binata sa table nito. Kumbinsido siyang hindi pa nga ito dumarating. Ibig sabihin, hindi ito ang secret admirer niya.

Bumalik siya sa sariling table habang patuloy na nag-iisip tungkol sa mysteryosong tao na nagbigay sa kanya ng white roses.

Nasa ganoon siyang pag-iisip nang makarinig ng ingay at gulo mula sa labas.

“Si Mayor! Si Mayor! Nandito si Mayor Salazar!” sigaw ng isang taga-opisina nila.

Bago pa maka-react si Divine ay paakyat na si Mayor Salazar sa opisina nila. Dali-dali siyang naghanap ng brush at salamin para hindi naman kahiya-hiya kanyang hitsura sa crush na mayor.

Hindi pa siya nakakapagsimulang mag-brush ng buhok nang makitang palapit na sa kanyang mesa si Mayor Salazar. Pumikit-pikit siya upang patunayang hindi siya nananaginip.

“Good morning, Miss Mendiola,” bati ni Mayor Salazar. As usual, nakangiti ito at ang bangu-bango!

Napatitig lang siya rito. Nakaasul na long sleeves

ito at naka-necktie na match sa pantalon nito.

“Good morning, Miss Divina Mendiola,” ulit nito.

“Ay! G-good morning, Mayor,” bati siya, sabay tayo mula sa kinauupuan. “Ahh... w-what can I do for you, Mayor? D-do you want some coffee? Este, maupo muna po kayo,” natatarantang sabi niya.

“Huwag na, Divine. Hindi rin naman ako magtatagal. I just dropped by to give you these flowers personally.” Iniabot nito sa kanya ang isang bungkos ng white roses na katulad nang nadatnan niya sa kanyang mesa nang umagang iyon.

“Mayor, thank you po,” sagot niya. Hindi siya makapaniwala sa nangyayari sa kanya. Parang biglang nawala ang hiya niya rito nang makita ang mga rosas.

“That’s just my way thanking you for all the positive reports na isinusulat mo sa akin,” sagot nito. “I’m also here to ask you to have dinner with me.”

Nanlaki ang mga mata ni Divine. Naramdaman niyang nag-blush siya. “Y-you mean, parang magde-date po tayo?”

“Huwag mo na akong popoin. Bata pa naman ako,” nakatawang sabi nito.

Napahiya siya sa sarili. Limang taon nga lang naman ang agwat nila ng mayor, naisip niya.

“O, ano? Are you free tomorrow night?” untag nito.

Saglit siyang nag-isip. “Ang totoo niyan, Mayor, naipangako ko na po sa nanay ko na palagi kaming magiging magkasama sa hapunan,” sagot niya. “But it looks like I’m going to have to break my own rule,” pagkuwa’y nakangiti niyang tugon.

“Should I take that as a yes?”

Pa-cute na ngiti muna ang binitiwang niya bago sumagot. “Yes, Mayor.”

“Then I’ll wait for you at the *Shangri-La’s EDSA Plaza Hotel* lobby. 7:00 P.M. Don’t be late.”

Bago siya makapagpasalamat sa flowers na bigay ni Mayor Salazar ay umalis na kaagad ito. Nawalan na rin siya ng panahon upang usisain kung dito nga rin galing ang unang roses na naabutan niyang nakalagay sa kanyang mesa.

Paano pa ba nga niya maiisip ang tungkol sa mga bulaklak gayong ang mga salitang nag-e-echo sa kanyang tainga, puso at isip ay ang pagyaya sa kanya ni Mayor Salazar sa isang dinner date?

Ano ka ngayon, Mang Ado? sa loob-loob. Eh, di natupad din ang pangarap ko na mapapansin ni Mayor?

“Wow, Divine! Napakapalad mo naman. Ano iyon? May gusto sa iyo si Mayor Salazar?” tanong sa kanya ni Kathy.

“Naku, Kathy, magdilang-anghel ka sana!” excited niyang tugon.

“Narinig ko pa nga ang usapan n’yo kanina. Alam mo naman ako, basta sa mga ganyang sitwasyon, all ears ako. Ano ‘yung narinig kong *Shangri-La’s EDSA Plaza Hotel lobby at 7:00 sharp,* ha?”

“Alam mo, tsismosa ka talaga!” biro niya rito.

Nagkatawanan ang dalawa.

Hindi lang si Kathy ang nanunukso sa kanya kundi pati ang lahat ng katrabaho nila. Nagkakaingayan ang buong staff nang pumasok sa opisina si Jonathan.

“Ano’ng nangyari?” takang tanong nito kay Kathy nang makasalubong ang babae.

“Ikaw kasi, palagi kang late dumating kaya hindi mo tuloy naabutan si Mayor Salazar. Sayang! Nagpunta siya dito.”

“Si Mayor Salazar, nagpunta rito?” takang tanong nito. “Bakit?”

“Nagbigay ng bulaklak kay Divine. ’Ayun! Tingnan mo ang reyna,” sabi nito. “Hanggang ngayon, hindi makapaniwala sa nangyari sa kanya.”

Nang ibinaling ni Jonathan ang tingin kay Divine, nakita nitong tuwang-tuwa nga ang dalaga. Lumapit ito sa partner.

“Uyy... may secret admirer siya,” tukso ng binata na hindi pa rin lubos na naniniwala sa balita ni Kathy.

“Hindi na secret ngayon dahil alam ko na kung sino ang nagbigay sa akin ng white roses na ito.”

Namula ito sa narinig. “Alam mo na? Sino?” nakangiting tanong nito.

“Si Mayor Salazar.”

Naglaho ang ngiti nito. “Iyang lahat na iyan, ibinigay niya sa iyo?”

“Oo. Alam kong galing ang dalawang bouquet na ito kay Mayor Salazar. Hindi ko nga lang sabay na natanggap.”

“A-ano’ng ibig mong sabihin?”

“Ang hirap kasi sa iyo, my dear partner, late ka

palaging dumating. Iyan tuloy, you missed the most important event of the morning. O sige, ha? Iisa-isahin ko sa iyo ang pangyayari.”

Bago nagpatuloy sa pagsasalita ay sumandal muna siya sa kinauupuan. “Kanina, pagdating ko rito sa office, nakita ko ito.” Ipinakita niya ang isang bungkos ng white roses sa kausap. “Akala ko nga’y galing ito sa iyo, eh.”

“B-bakit mo naman nasabi iyon?” namumula ang mukhang tanong nito.

“Ah, basta! Akala ko ikaw ang nagbigay sa akin nito. May note pa nga, o. ’Eto, basahin mo. Di ba, parang style mo ’to?”

Inabot ni Jonathan ang note at binasa iyon. “Mas maganda naman ang style ko rito,” sabi nito. “O, ngayon? Ano naman ang kinalaman nito sa ikinukuwento mo?”

“Tingnan mo, ha. Iyang unang roses, galing sa *Flowers by Sylvia*. Then, mayamaya lang, dumating si Mayor Salazar. At bitbit-bitbit naman ito.” Ipinakita niya sa kausap ang isa pang bungkos ng bulaklak. “*Flowers by Sylvia* din. Ibig sabihin, both bouquets came from Mayor Salazar.”

“Bakit naman pinaghiwalay pa niya ang bigay sa

iyong kung siya nga ang nagbigay ng naunang roses?”

Nagbuntunghininga siya bago nagsalita. “Ikaw naman, parang hindi nanliligaw. Di ba’t ganito naman talaga ang ginagawa ng mga lalaki? Kaya pinaghiwalay ni Mayor Salazar ang pagbibigay sa akin nitong roses ay para may thrill. Iyon ang mystery doon. Palibhasa hindi ka siguro nagbibigay ng roses sa mga babae kaya siguro hindi mo alam ang gimmick na ’yon,” tukso niya.

Hindi ito sumakay sa pagbibiro niya. “Alam mo, parang imposible ang sinasabi mo.”

“Ano naman ang imposible doon? Na nanliligaw sa akin si Mayor Salazar? Don’t worry, hindi pa siya nanliligaw. But I know, dadating din tayo doon.”

Nakangiti pa si Divine habang hinihintay kung ano ang isasagot nito sa kanyang sinabi. Ngunit imbis na sumagot ay tumalikod na ito para tumungo sa sariling puwesto. Napansin niyang para bang hindi ito masaya para sa kanya.

“Jonathan, wait! Aren’t you happy for me?” lakas-loob niyang tanong.

Pilit ang ngiti nito nang bumaling sa kanya. “If you’re happy, Divine, then I’m happy for you.”

“Good! Kung gayon ay matutuwa ka rin dito sa sasabihin ko.”

“Ano na naman? Misteryo na naman ni Mayor Salazar?”

“That’s right. Magde-date kami ni Mayor tomorrow night.” Very proud ang tono ng dalaga sa pagsasabi niyon.

Bigla ay nawala na naman ang mga pilit na ngiti sa mukha ng binata. “Sige. I’ve got better things to do,” sabi nito at saka na lumayo sa mesa niya.

Naiwang nagtataka si Divine. Sinundan niya ito ng tingin.

Noon lang niya napansin na iba ang ayos nito kaysa karaniwan. Hindi ito naka-plain na polo gaya dati kundi naka-white na polo ito na may dark blue vertical stripes.

At may naiwan din itong kakaibang amoy. Hindi niya kaagad napuna iyon dahil excited na excited siyang magkuwento rito. Ngunit ngayon ay sigurado na siya.... Pareho ang pabango nito sa pabango ni Mayor Salazar!